

ARALIN 17

1. Ano ang nangyari nang ang mga anak na lalaki ng lahi ni Set ay nagsimulang magpakasal sa mga anak na babae ng lahi ni Cain?

-Dumami nang dumami ang ayaw nang makinig sa Diyos.

-Dumami nang dumami ang nakikinig lamang kay Satanas.

2. Sinabi ng Diyos na magsasalita Siya sa mga tao sa loob lamang ng 120 taon, at kung tatanggi pa rin sila sa pagsunod sa Diyos, ano ang gagawin ng Diyos?

-Parurusahan sila ng Diyos ng kamatayan.

3. Paano nakikipag-usap ang Diyos sa mga tao?

-Nangungusap ang Diyos Espiritu Santo sa mga tao sa kanilang isipan.

4. Ano ang sinasabi ng Diyos Espiritu Santo sa mga tao?

-Upang makinig sa Diyos at hindi kay Satanas.

-Upang sundin ang kaparaanan ng Diyos at hindi ang sarili nilang kaparaanan.

5. Ano ang ugali ng mga tao noong panahon ni Noe?

-Sila ay makasarili at sakim.

-Sila ay masama at marahas.

-Hindi nila gusto ang landas ng Diyos.

-Nais lamang nila ang kanilang sariling landas.

6. Nakikita ba ng Diyos ang mga kasalanan ng mga tao?

-Oo, nakita ng Diyos ang lahat ng kanilang mga kasalanan.

7. Dahil ang mundo ay puno ng kasalanan ng mga tao, ano ang ipinasiya ng Diyos na gawin?

-Upang sirain ang lahat ng nabubuhay na nilalang sa lupa.

8. Bakit nagpasya ang Diyos na iligtas si Noe?

-Alam ni Noe na siya ay isinilang sa kasalanan.

-Alam ni Noe na nagkasala siya sa Diyos.

-Alam ni Noe na pinarurusahan ng Diyos ang lahat ng kasalanan ng kamatayan.

-Alam ni Noe na ang Diyos lamang ang makapagliligtas sa kanya.

-Alam ni Noe na ipadadala ng Diyos ang Tagapagligtas upang iligtas siya mula sa kanyang mga kasalanan.

9. Ano ang iniutos ng Diyos kay Noe na gawin?

-Upang gumawa ng arka.

10. Gusto ba ng Diyos na gawin ni Noe ang arka ayon sa kaparaanan ni Noe?

-Hindi.

11. Paano ninais ng Diyos na gawin ni Noe ang arka?

-Eksakto sa iniutos ng Diyos.

12. Ilang arka ang inutos ng Diyos na gawin ni Noe?

-Isa lamang.

13. Ilang pinto ang iniutos ng Diyos kay Noe na ilagay sa arka?

-Isa lamang.

14. Kahit na walang sinuman sa lupa ang nakakita na ng ulan noon, ano ang pinaniwalaan ni Noe?

-Na ang Diyos ay magpapadala ng baha.

15. Ano ang ginawa ni Noe habang ginagawa niya ang arka?

-Sinabi ni Noe sa mga tao na makinig at maniwala sa Diyos.

-Sinabi ng Diyos kay Noe na magpapadala Siya ng baha upang lipulin ang lahat ng mga taong hindi naniniwala sa Kaniya.

-Nakalimutan ba ng Diyos na gawin ang sinasabi Niyang gagawin Niya?

-Hindi.

-Lagi bang ginagawa ng Diyos ang sinasabi Niyang gagawin Niya?

-Oo.

-Narito ang isang paglalarawan:

-Isang araw, nabasag ng iyong anak ang iyong paso.

-Nagalit ka sa anak mo.

-Sanabi mo sa iyong anak na paparusahan mo siya mamaya.

-Maya-maya, nakalimutan mong parusahan ang iyong anak.

-Maya-maya, nakalimutan mo na rin na nabasag ng iyong anak ang iyong paso.

-Ngunit ang Diyos ay hindi katulad ng mga tao.

-Ang mga tao ay nakalilimot, ngunit ang Diyos ay hindi nakalilimot.

-Sinabi ng Diyos kay Adan na mamamatay siya kung kakainin niya ang prutas.

-Namatay ba si Adan nang kumain siya ng prutas?

-Oo.

-Nakalimutan ba ng Diyos ang sinabi Niya kay Adan?

-Hindi.

-Ginawa ba ng Diyos ang sinabi Niyang gagawin Niya?

-Oo.

-Pinalayas ng Diyos sina Adan at Eba palabas ng Hardin ng Eden.

-Ang Diyos ay hindi katulad ng mga tao.

-Ang Diyos ay hindi nakalilimutan ang sinasabi Niyang gagawin Niya.

-Ang Diyos ay palaging gagawin ang sinasabi Niyang gagawin Niya.

-Ang Diyos ay hindi nakalilimot sa kasalanan.

-Ang Diyos ay hindi nakalilimot sa pagpaparusa ng kasalanan.

-Ang Diyos ay pinaparusahan ang bawat kasalanan.

-Ang Diyos ay pinaparusahan ang bawat kasalanan ng kamatayan.

-Ang Diyos ay naghintay na ang mga tao ay maniwala sa Kanya.

-Gaano katagal hinintay ng Diyos ang mga tao noong panahon ni Noe na maniwala sa Kanya?

-120 taon.

-Habang hinihintay ng Diyos na maniwala ang mga tao sa Kanya, nabawasan ba ang kanyang galit sa kanilang kasalanan?

-Hindi.

-Habang hinihintay ng Diyos na maniwala ang mga tao sa Kanya, lalo lang tumitindi ang galit niya sa kanilang kasalanan.

-Ang galit ng Diyos sa kasalanan ay tumitindi lamang.

-Ang galit ng Diyos sa kasalanan ay tumitindi lamang hanggang sa dumating ang panahon na parurusahan ng Diyos ang kasalanan.

-Ano ang sinabi ng Diyos kay Noe pagkatapos gawin ni Noe ang arka?

Basahin natin ang Genesis 7:1-4

1-At sinabi ng Panginoon kay Noe, “Ikaw at ang iyong buong sambahayan ay sumakay sa daong sapagkat nakita kong ikaw lamang ang matuwid sa harap ko sa lahing ito.

2-Kumuha ka ng tigpipito sa bawat malinis na hayop, lalaki at babae; At dalawa sa mga hayop na hindi malinis, lalaki at babae.

3-Kumuha ka ng tigpipito sa mga ibon sa himpapawid, lalaki at babae; Upang panatilihin buhay ang kanilang uri sa ibabaw ng lupa.

4-Sapagkat pagkaraan ng pitong araw, magpapaulan ako sa ibabaw ng lupa ng apatnapung araw at apatnapung gabi. Aking pupuksain ang lahat ng may buhay na aking nilikha sa balat ng lupa.”

-Pagkatapos na gawin ni Noe ang arka, ano ang sinabi ng Diyos kay Noe na gawin?

-Sinabi ng Diyos kay Noe na isama ang kanyang pamilya at pumasok sa arka.

-Sinabi din ng Diyos kay Noe na magsama ng mga hayop sa arka.

-Dumating na ang panahon para lipulin ng Diyos ang mga tao.

-Bakit lilipulin ng Diyos ang mga tao?

-Ang mga tao ay hindi naniniwala na sila ay makasalanan.

-Ang mga tao ay hindi naniniwala na ang kanilang kasalanan ay karapat-dapat sa walang hanggang kamatayan.

-Ang mga tao ay hindi naniniwala na ang Diyos lamang ang magliligtas sa kanila.

-Ang mga tao ay hindi naniwala sa pangako ng Diyos na ipadadala ang Tagapagligtas.

-Naghintay ang Diyos ng 120 taon para ang mga tao ay tumalikod sa kanilang sariling landas upang sundan ang landas ng Diyos.

-Ngunit nais lamang ng mga tao ang kanilang sariling landas.

-Naghintay ang Diyos ng 120 taon.

-Hindi na maghihintay pa ang Diyos.

-Panahon na para parusahan ng Diyos ang mga tao.

-Ngayon, ang Diyos ay ganoon pa rin.

-Ang Diyos ay naghihintay sa mga tao na tumalikod sa kanilang sariling landas upang sundan ang landas ng Diyos.

- Balang araw, hindi na maghihintay ang Diyos.
- Balang araw, parurusahan ng Diyos ang lahat ng tao.

Basahin natin ang Genesis 7:7-11

7-At sumakay sa daong si Noe at ang kanyang mga anak, ang kanyang asawa, at ang mga asawa ng kanyang mga anak upang umiwas sa tubig ng baha.

8-Sa mga hayop na malinis, at sa mga hayop na hindi malinis, at sa mga ibon at sa bawat gumagapang sa ibabaw ng lupa,

9-Ay dala-dalawa, lalaki at babae, pumasok sa daong kasama ni Noe, ayon sa iniutos ng Diyos kay Noe.

10-Pagkaraan ng pitong araw, ang tubig ng baha ay umapaw sa lupa.

11-Sa ikaanimnaraang taon ng buhay ni Noe, sa ikalabimpitong araw ng ikalawang buwan, nang araw na iyon, umapaw ang lahat ng bukal mula sa malaking kalaliman, at ang mga bintana ng langit ay nabuksan.

- Paano nakapasok si Noe at ang kanyang pamilya sa arka?
- Sa nag-iisang pinto.

- Paano nakapasok ang lahat ng hayop sa arka?
- Sa nag-iisang pinto.

- Ito ang tanging pinto na magliligtas.
- Ito ang tanging pinto upang makaligtas sa parusa ng Diyos.

- Iniligtas ba ng Diyos si Noe dahil mabuti si Noe?
- Hindi.

- Iniligtas ng Diyos si Noe dahil naniwala si Noe na siya ay nagkasala.

-Iniligtas ng Diyos si Noe dahil naniniwala si Noe na ang kanyang kasalanan ay karapat-dapat sa walang hanggang kamatayan.

-Iniligtas ng Diyos si Noe dahil naniniwala si Noe na ang Diyos lamang ang magliligtas sa kanya.

-Iniligtas ng Diyos si Noe dahil naniwala si Noe sa pangako ng Diyos na ipadadala ang Tagapagligtas.

-Ano ang nangyari pagkatapos na pumasok sa arka si Noe at ng kanyang pamilya at ng lahat ng hayop?

Basahin natin ang Genesis 7:16b

16-At [Noe] ikinulong ng Panginoon sa loob.

-Pagkatapos na pumasok sa bangka si Noe at ang kanyang pamilya at ng lahat ng hayop, ano ang ginawa ng Diyos?

-Isinara ng Diyos ang pinto.

- Bakit isinara ng Diyos ang pinto?
- Upang maging ligtas ang mga nasa loob.
- Upang mamatay ang nasa labas.

- Kung iiyak ang mga tao sa labas, mabubuksan kaya ni Noe ang pinto?
- Hindi.
- Bakit?

-Dahil isinara ng Diyos ang pinto.

-Nang pinalayas ng Diyos sina Adan at Eba sa Hardin ng Eden, nakabalik ba sila?

-Hindi.

-Bakit?

-Dahil pinalayas sila ng Diyos sa hardin sa pamamagitan ng paglalagay ng isang anghel at isang nagniningas na tabak sa pasukan.

-May makatatakas ba sa parusa ng Diyos?

-Wala.

-Kapag nagpasya ang Diyos na parusahan ang mga tao, walang makatatakas.

-Pagkatapos isara ng Diyos ang pinto ng arka, nagpadala Siya ng ulan.

Basahin natin ang Genesis 7:17-20

17-Tumagal ang baha ng apatnapung araw sa ibabaw ng lupa. Lumaki ang tubig at lumutang ang daong, at ito'y tumaas sa ibabaw ng lupa.

18-Dumagsa ang tubig at lumaki nang husto sa ibabaw ng lupa, at lumutang ang daong sa ibabaw ng tubig.

19-At dumagsa ang tubig sa ibabaw ng lupa at inapawan ang lahat ng matataas na mga bundok na nasa silong ng langit.

20-Ang tubig ay umapaw sa mga bundok sa taas na labinlimang siko.

-Paano ginawa ng Diyos na balutin ng baha ang buong mundo?

-Sa simula, pinaghiwalay ng Diyos ang tubig.

-Iniwan ng Diyos ang ilang sa tubig sa lupa, at inilagay ang ilang sa tubig sa itaas sa kalangitan.

-Upang balutin ng baha ang buong lupa, pinaulan ng Diyos ang lahat ng tubig na inilagay Niya sa itaas ng kalangitan.

-Nakakita na ba ang mga tao ng ulan noon?

-Hindi.

-Kahit na ang mga tao ay hindi pa nakakakita ng ulan noon, nagpaulan ang Diyos sa loob ng 40 araw.

-Ang buong mundo ay natabunan ng tubig.

-Kahit ang pinakamataas na bundok at matataas na puno ay natabunan ng tubig.

-Magagawa ng Diyos ang lahat.

-Walang imposible sa Diyos.

-Ang Diyos lamang ang makapangyarihan sa lahat.

-Ano ang nangyari sa lahat ng nasa labas ng arka?

Basahin natin ang Genesis 7:21-23

21-At namatay ang lahat ng laman na gumagalaw sa ibabaw ng lupa: ang mga ibon, mga maamong hayop, mga mailap na hayop, bawat gumagapang sa ibabaw ng lupa, at lahat ng tao.

22-Ang bawat may hininga ng buhay sa kanilang ilong na nasa lupang tuyo ay namatay.

23-Namatay ang bawat may buhay na nasa ibabaw ng lupa: ang tao, hayop, ang mga gumagapang, at ang mga ibon sa himpapawid. Sila'y nalipol sa lupa. Tanging si Noe at ang mga kasama niya sa daong ang nalabi.

-Ano ang nangyari sa lahat ng mga hayop sa labas ng arka?

-Namatay silang lahat.

-Ano ang nangyari sa lahat ng tao sa labas ng arka?

-Namatay silang lahat.

-Karamihan sa mga tao ngayon ay hindi naniniwala na sila ay makasalan.

-Karamihan sa mga tao ngayon ay hindi naniniwala na ang kanilang kasalanan ay karapat-dapat sa walang hanggang kamatayan.

-Karamihan sa mga tao ngayon ay hindi naniniwala na ang Diyos lamang ang makapagliligtas sa kanila.

-Karamihan sa mga tao ngayon ay hindi naniniwala sa pangako ng Diyos na ipadala ang Tagapagligtas.

-Karamihan sa mga tao ngayon ay nakikinig kay Satanas at hindi sa Diyos.

-Karamihan sa mga tao ngayon ay mahal ang kanilang kasalanan.

-Ikaw ba ay tulad ng karamihan sa mga tao, o ikaw ba ay katulad ni Noe?

-May naligtas ba sa labas ng arka?

-Wala.

-Sinabi ng Diyos na lahat ng tao na nasa labas ng arka na sila ay mamamatay.

-Laging ginagawa ng Diyos ang sinasabi Niyang gagawin Niya.

-Ano ang ginawa ng Diyos pagkatapos mamatay ang lahat ng tao na nasa labas ng arka?

Basahin natin ang Genesis 8:1-4 & 14-19

1-Hindi kinalimutan ng Diyos si Noe, at ang lahat ng may buhay, at ang lahat ng hayop na kasama niya sa sasakyan. Pinahihip ng Diyos ang isang hangin sa ibabaw ng lupa, at humupa ang tubig.

2-Natakpan din ang mga bukal ng kalaliman at ang mga bintana ng langit, at napigil ang ulan sa langit.

3-Patuloy na bumabaw ang tubig sa lupa at humupa ang tubig pagkaraan ng isandaan at limampung araw.

4-Nang ikalabimpitong araw ng ikapitong buwan, sumadsad ang daong sa ibabaw ng mga bundok ng Ararat.

14-At nang ikadalawampu't pitong araw ng ikalawang buwan ay natuyo ang lupa.

15-At nagsalita ang Diyos kay Noe,

16-"Lumabas ka sa daong, ikaw at ang iyong asawa, ang iyong mga anak, ang mga asawa ng iyong mga anak na kasama mo.

17-Ilabas mong kasama mo ang bawat isa na may buhay: Ang mga ibon, at ang mga hayop, ang bawat gumagapang sa ibabaw ng lupa upang sila'y dumami sa ibabaw ng lupa, at magkaroon ng mga anak at dumami sa ibabaw ng lupa."

18-Kaya't lumabas si Noe, ang kanyang mga anak, ang kanyang asawa, at ang mga asawa ng kanyang mga anak na kasama niya;

19-Bawat hayop, bawat gumagapang, at bawat ibon, anumang gumagalaw sa ibabaw ng lupa ayon sa kanyang angkan ay lumabas sa daong.

-Naalala ng Diyos si Noe at ang kanyang pamilya sa bangka.

-Pinatigil ng Diyos ang ulan, at nagpadala ng hangin upang matuyo ang lupa.

-Naniniwala ang ilang tao na kontrolado ng mga demonyo ang ulan at hangin.

-Iyon ay isang kasinungalingan.

-Ang Diyos lamang ang gumawa ng ulan at hangin.

-Ang Diyos lamang ang may lalang ng ulan at hangin.

-Kinalinga ng Diyos si Noe at ang kanyang pamilya sa arka.

-Kinalinga ng Diyos ang lahat ng mga hayop sa arka.

-May namatay ba sa loob ng bangka?

-Wala.

-Sinabi ng Diyos na ililigtas Niya si Noe at ang kanyang pamilya.

-Laging ginagawa ng Diyos ang sinasabi Niyang gagawin Niya.

-Ano ang ginawa ni Noe pagkatapos niyang lisanin sa ang arka?

Basahin natin ang Genesis 8:20-22

20-Ipinagtayo ni Noe ng isang dambana ang Panginoon. Kumuha siya sa lahat ng malinis na hayop, at sa lahat na malinis na ibon, at nag-alay ng mga handog na susunugin sa dambana.

21-At sinamyo ng Panginoon ang masarap na amoy, at sinabi ng Panginoon sa kanyang puso, "Hindi ko na muling susumpain ang lupa dahil sa tao, sapagkat ang haka ng puso ng tao ay masama mula sa kanyang pagkabata. Hindi ko na rin muling lilipulin ang lahat ng nabubuhay na gaya ng aking ginawa.

22-Habang ang lupa ay nananatili, ang paghahasik at pag-aani, ang tag-init at taglamig, ang araw at gabi ay hindi hihinto."

-Dahil sa saya ni Noe na iniligtas siya ng Diyos, nag-alay si Noe sa Diyos.

-Bakit tinanggap ng Diyos ang alay ni Noe?

-Dahil si Noe ay naniwala sa Diyos.

-Dahil si Noe ay tumalikod sa kanyang sariling landas upang sundan ang landas ng Diyos.

-Ang dugo ba ng mga hayop ay nagbayad para sa kasalanan ni Noe?

-Hindi.

-Itinuro ng dugo kay Noe na ang kaparusahan sa kasalanan ay kamatayang walang-hanggan.

-Ano ang ginawa ng Diyos pagkatapos mag-alay si Noe sa Diyos?

Basahin natin ang Genesis 9:1-3

1-Binasbasan ng Diyos si Noe at ang kanyang mga anak at sa kanila'y sinabi, "Kayo'y magkaroon ng mga anak at magpakarami, at inyong punuin ang lupa.

2-Ang takot at sindak sa inyo ay darating sa bawat hayop sa lupa, sa bawat ibon sa himpapawid, sa lahat ng gumagapang sa lupa, at sa lahat ng isda sa dagat. Sila ay ibinibigay sa inyong kamay.

3-Bawat gumagalaw na nabubuhay ay magiging pagkain ninyo; at kung paanong ibinigay ko sa inyo ang mga luntiang halaman, ibinibigay ko sa inyo ang lahat ng mga bagay."

-Pinagpala ng Diyos si Noe at ang kanyang pamilya.

-Ginawa rin tagapamahala ng Diyos si Noe ng lahat ng tao, ng lahat ng hayop, ibon, at isda.

-Binigyan din ng Diyos si Noe ng palatandaan.

Basahin natin ang Genesis 9:8 & 11-13

8-At nagsalita ang Diyos kay Noe at sa mga anak na kasama niya, na sinasabi,

11-"Aking pinagtitibay ang aking tipan sa inyo; hindi ko na lilipulin ang lahat ng mga tao sa pamamagitan ng tubig ng baha at hindi na magkakaroon pa ng bahang magwawasak ng lupa."

12-Sinabi ng Diyos, "Ito ang tanda ng tipang gagawin ko sa inyo, at sa bawat nilalang na may buhay na kasama ninyo sa buong panahon.

13-Inilagay ko ang aking bahaghari sa ulap, at ito ay magiging tanda ng tipan ko at ng lupa."

-Anong palatandaan ang ibinigay ng Diyos kay Noe at sa lahat ng tao?

-Isang bahaghari.

-Ano ang ibig sabihin ng palatandaan ng bahaghari?

-Ang bahaghari ay nangangahulugan na hindi na muling lilipulin ng Diyos ang mundo sa pamamagitan ng baha.

-Tutuparin ba ng Diyos ang Kanyang pangako na hindi na muling lilipuin ang mundo sa pamamagitan ng baha?

-Oo.

-Mula noong panahon ni Noe, hindi kailanman winasak ng Diyos ang buong mundo at lahat ng naririto sa pamamagitan ng baha.

Basahin natin ang Genesis 9:18-19

18-Ang mga anak ni Noe na lumabas sa daong ay sina Sem, Ham, at Jafet. Si Ham ay siyang ama ni Canaan.

19-Ang mga ito ang tatlong mga anak ni Noe at sa kanila nagmula ang lahat ng tao sa lupa.

-Sino ang mga anak ni Noe na mga ninuno ng lahat ng tao sa lupa?

-Sem, Ham, at Japhet.